

Ang Sistemang International Standard Book Number

Manwal para sa mga ISBN User

Edisyong Internasyonal
Ikapitong Edisyon



Isinalin sa Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino

International ISBN Agency
London 2017

Ang pinakanapapanahong bersiyon ng *ISBN Users' Manual* ay makikita sa website ng International ISBN Agency: <http://www.isbn-international.org>

ISBN 978-92-95055-12-4
©2017 ng International ISBN Agency, London, UK
Ikapitong Edisyon
Isinalin sa Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino

Inilathala ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas
ISBN 978-971-556-070-2 PDF (Downloadable)

Pinahihintulutan ang muling paglilimbag ng alinmang materyales na nasa polyetong ito, sa kondisyong magbibigay ng nararapat na pagkilala sa pinagkuhanan nito at pagbibigay ng kopya, mas mainam kung digital, sa International ISBN Agency.

Mga Nilalaman

1. Kaligiran	5
2. Mga Benepisyo ng ISBN	5
3. Mga Katawagan at Kahulugan	6
3.1. Check digit	6
3.2. Continuing resource	6
3.3. Digital Object Identifier (DOI®)	7
3.4. Digital Rights Management (DRM)	7
3.5. Edisyon	7
3.6. GS1 prefix	7
3.7. Impression	7
3.8. Imprint	7
3.9. ISBN	8
3.10. ISBN-A	8
3.11. Monographic Publication	8
3.12. Print-on demand publication	8
3.13. Product form	8
3.14. Product form detail	8
3.15. Product from feature	8
3.16. Pabliser	8
3.17. Registrant	9
3.18. Registration group	9
3.19. Reprint	9
3.20. Usage constraint	9
4. Ang Tungkulin at Saklaw ng ISBN	9
5. Estrukturang ng ISBN	12
5.1. GS1 element	12
5.2. Registration group element	13
5.3. Registrant element	13
5.4. Publication element	13
5.5. Check Digit	13
6. Aplikasyon ng ISBN	13
6.1. Pangkalahatan	13
6.2. Mga Pagbabago sa Publikasyon	14
6.3. Facsimile reprints	14
6.4. Mga loose-leaf publication at mga digital equivalent	14
6.5. Mga multi-volume na publikasyon	14
6.6. Multi-item packs	15
7. Assignment issues	15
7.1. Backlist	15
7.2. Collaborative Publications	15
7.3. Mga Publikasyong ipinagbibili o ipinamamahagi ng mga ahente	16
7.4. Pagbili ng pabliser sa isa pang pabliser	16
7.5. Pagbili ng lahat ng stock at karapatan sa publikasyon	16
7.6. Mga pabliser na may higit sa isang lugar ng publikasyon	16
7.7. Hindi maaaring ipasa ang mga ISBN	16
7.8. Hindi maaaring muling gamitin ang mga ISBN	17

8. Registry ng mga ISBN at mga kasamang metadata-----	17
9. ISBN para sa mga Digital Publication at-----	19
Education/Instructional Software	
9.1. Para sa mga eligible digital publication-----	19
9.2. Para sa mga eligible software product-----	20
9.3. Mga simulain sa pagtatakda ng ISBN sa-----	20
mga digital publication	
10. ISBN para sa mga Print-on-Demand-----	22
Publication	
11. Mga Course Pack-----	23
12. Mga Small at Self-Publisher-----	23
13. Location at Display ng ISBN sa mga Publikasyon-----	23
13.1. Pangkalahatan-----	23
13.2. SBN na nasa bar code form-----	24
13.3. Five-digit add-on code-----	25
13.4. Algorithm para sa paggawa ng ISBN Check Digit-----	25
14. Pamamahala ng Sistema ng ISBN-----	25
14.1. Pangkalahatan-----	25
14.2. Pandaigdigang Pamamahala-----	26
14.3. Mga ISBN registration agency-----	26
14.4. Pamamahala ng registrant/ pabliser-----	28
15. SBN at GS1-----	28
16. ISBN at Iba pang mga Pantukoy-----	29
16.1. DOI-----	29
16.2. GTIN-----	29
16.3. SAN-----	30
16.4. ISBN-A-----	30
16.5. ISLI-----	30
16.6. ISMN-----	31
16.7. ISNI-----	31
16.8. ISRC-----	31
16.9. ISSN-----	32
16.9. ISTD-----	32
16.10. ISWC-----	32
16.11. SGTIN-----	33
16.12. URN-----	33
17. ONIX for Books-----	34
18. International ISBN Agency Website-----	35
19. Global Register of Publishers-----	35
Apendise 1: Check Digit Calculation-----	37
A1.1 Pagkalkula sa Check Digit-----	37

1. Kaligiran

Ang pangangailangan at posibleng pagkakaroon ng isang pandaigdigang sistema ng paglalagay ng numero sa mga aklat ay unang tinalakay sa Third International Conference on Book Market Research and Rationalisation in the Book Trade na idinaos noong Nobyembre 1966 sa Berlin.

Noong panahong iyon, isinaalang-alang ng ilang pabliser at distributor ng mga aklat ang paggamit ng computer para sa pagpoproseso ng order at inventory control, at malinaw na ang unang kahingian para sa isang episyenteng automated system ay isang natatangi at simpleng numero ng pagkakakilanlan para sa isang nalathalang aytem.

Sa parehong panahon, ang International Organization for Standardization (ISO) Technical Committee 46 on Information and Documentasyon ay bumuo, ng isang panig na magsisiyasat sa posibilidad sa paggamit ng British system para sa pandaigdigang paggamit. Isinagawa noong 1968 at 1969 ang ilang pagpupulong ng mga kinatawan mula sa bansang Europeo at ng Estados Unidos, at ipinamahagi ang ulat sa lahat ng bansang kabilang sa ISO.

Batay sa resulta ng mga pulong na ito, pinagtibay ang International Standard Book Number (ISBN) bilang pamantayang ISO standard 2108¹ noong 1970.

Ang layunin ng pandaigdigang pamantayan ay upang pag-ugnayin at iestandardisa ang pandaigdigang paggamit ng mga ISBN upang indibidwal na makilala ang isang publikasyon o edisyon ng isang publikasyon na inilathala sa isang partikular na format ng isang partikular na pabliser. Ang orihinal na pamantayan ay nirebisa noong 1978, 1992, at 2005 nang magsimulang lumabas sa mga bagong anyo ng midya ang mga aklat o tila aklat na aytem, pinalawak ang sistema upang sumaklaw sa mahigit 160 bansa at ang orihinal na 10-digit ISBN ay ginawang 13 digit. Gayundin, alinsunod sa iba pang ISO identifier, tinukoy ng mga bagong edisyon ng pamantayan ang metadata na dapat ibigay sa panahon ng pagtatalaga ng ISBN.

Makikita sa bagong ikalimang edisyon ng ISO 2108 ang mga isinapanahong halimbawa, pangkalahatang paglilinaw at pinalawig na patnubay hinggil sa paggamit ng ISBN sa mga digital na publikasyon.

2. Mga Benepisyo ng ISBN

- Ang ISBN ay isang natatanging pandaigdigang identifier para sa mga monographic publication; ang pagtatalaga ng numero ay pumapalit sa pangangasiwa ng mahahabang bibliographic descriptive record, sa gayon ay nakatitipid ng oras at pangangailangan sa tauhan at binabawasan ang mga pagkakamali sa pagkopya.
- Ang wastong paggamit ng ISBN ay nagbibigay ng daan sa iba't ibang anyo ng produkto at edisyon ng isang aklat, limbag man o digital, na malinaw na mapag-iiba-iba, na nagtitiyak na matatanggap ng kostumer ang bersiyong kailangan nila.

¹ Maaaring makuha mula sa mga organisasyon ng mga pambansang pamantayan

- Pinadadali ng ISBN ang pagtitipon at pagsasapanahon ng mga direktoryo ng book-trade at bibliographic database, gaya ng mga katalogo ng books-in-print. Madali ring makikita ang impormasyon ng mga available na aklat.
- Ang pag-order at distribusyon ng mga aklat ay pangunahing isinasagawa ng ISBN; isa itong mabilis at episyenteng pamamaraan.
- Ang ISBN ay machine-readable sa anyong 13-digit EAN-13 bar code. Ito ay mabilis at nakaiwas sa mga pagkakamali.
- Kailangan ang ISBN sa pagpapatakbo ng mga electronic point-of-sale system sa mga bookshop.
- Maraming sistema sa paglalathala at supply chain ang nakabatay sa ISBN
- Ang akumulasyon sa mga datos ng benta ay ginagawa ng ISBN. Nakatutulong ito sa pagmonitor ng iba't ibang tagumpay ng magkakaibang anyo ng produkto at edisyon ng mga publikasyon, gayundin ang paghahambing ng iba't ibang larang, at maging ng iba't ibang publishing house.
- Ang pambansang karapatan sa pagpapahiram sa ilang bansa ay batay sa ISBN. Ang ganitong mga sistema ay nagbibigay-daan sa mga awtor at ilustrador na tumanggap ng bayad na proporsiyonal sa bilang ng beses na ipinahiram ang kanilang mga aklat ng mga publikong aklatan.

3. Mga Katawagan at Kahulugan

Para sa mga layunin ng Manwal na ito, gagamitin ang sumusunod na mga katawagan at kahulugan:

PAALALA: Hindi isinama ang kahulugan ng “Aklat” dahil mabilis na nagiging lipas ang anumang kahulugan bunsod ng tuloy-tuloy na pagbabago sa teknolohiya at merkado.

3.1. Check digit

Ang huling karakter sa ISBN string na nauugnay sa lahat ng naunang karakter sa string sa pamamagitan ng isang tinukoy na mathematical algorithm at maaaring gamitin upang iberipika ang katumpakan ng ISBN string.

3.2. Continuing Resource

Nailabas na publikasyon noon na walang natukoy na pagwawakas at naging available sa publiko sa anumang natapos na form, na kadalasa’y iniisyu nang may mga kasunod o kasama na may bilang at/o pagkakasunod-sunod na pagtatakda.

PAALALA: Ang continuing resources ay kinabibilangan ng mga serye gaya ng mga pahayagan, peryodiko, dyornal, magasin, blog, atbp. at ongoing integrating resources gaya ng mga loose-leaf publication at mga web site na palagiang isinasapanahon. Ang continuing resources ay hindi nangangailan ng pagtatakda ng ISBN.

3.3. Digital Objective Identifier (DOI)

Ang DOI name na bahagi ng DOI System na tinukoy sa ISO 26324, ay isang tuloy-tuloy at nagagalaw/nababagong (actionable) identifier ng isang entidad—pisikal, digital, o abstrak—sa mga digital network. Ang DOI name na tumutugon sa DOI syntax ay isang string na tumutukoy sa isang natatanging bagay sa loob ng DOI system.

3.4. Digital Rights Management (DRM)

Teknolohiyang batay sa encryption software na ginagamit upang makontrol ang akses sa nilalaman; at iba sa product form (3.13) ng isang tiyak na digital publication.

- PAALALA 1 Maaaring ilapat ang magkakaibang paraan sa loob ng DRM setting upang maidikta ang mga usage constraint o makapagdagdag ng mga tiyak na feature.
- PAALALA 2 Maaaring gawing available ang isang edisyon ng isang publikasyon sa pamamagitan ng magkakaibang vendors na isa-isang maglalagay ng magkakaibang DRM software at/o magkakaibang usage constraint.
- PAALALA 3 Isinasaad ng “Social” DRM ang isang partikular na uri ng DRM na ang mga kredensiyal tungkol sa kostumer ay nakarekord sa produkto gamit ang watermarking technology ngunit hindi nagpapatupad ng anumang usage constraints. Hangga’t hindi direktang tinutukoy ang “social” DRM, ang DRM sa manwal na ito ay tutukuyin na DRM technology na batay sa encryption software.

3.5. Edisyon

Lahat ng uri ng publikasyon na nagtataglay ng halos magkakatulad na nilalaman.

- PAALALA 1 Ang isang edisyon ng isang publikasyon ay maaaring ilabas sa iba’t ibang form, kung ito ay nasa digital form, na may higit sa isang uri ng DRM software at may magkakaibang usage constraint.
- PAALALA 2 Ang mahahalagang update, rebisyon o pagbabago sa nilalaman ay nagtatakda ng isang bagong edisyon at karaniwang sinasamahan ng bilang sa pahina ng pamagat (hal. Ikalawang Edisyon, Ikatlong Edisyon).

3.6. GS1 prefix

Natatanging hanay ng tatlong digit na iniisyu ng GS1 Global Office at ibinibigay lamang sa International ISBN Agency para sa ISBN Standard.

3.7. Impression

Print run ng isang tiyak na edisyon ng isang aklat. Maaaring magkaroon ng maraming impression/reprint ng isang edisyon.

3.8. Imprint

Ang trade name o brand na pinanggalingan ng inilimbag na akda

- PAALALA 1 Maaaring magkaroon ng maraming imprint ang isang kompanya ng publikasyon upang mailabas ang kanilang mga aklat sa mga espisipikong merkado. (e.g. ang lahat ng Harper Collins Educational, Voyager at William Collins ay mga imprint ng HarperCollins at hindi galing sa magkakahiwalay na kompanya)
- PAALALA 2 Sa ilang pagkakataon, ang maramihang imprint ay maaaring resulta ng mga pagsasanib o pagbili ng iba’t ibang kompanya na nagnanais maiba ang kanilang mga brand.

PAALALA 3 Ang imprint ay isang pangalan at hindi lang isang logo.

3.9. ISBN

Ang International Standard Book Number ay isang identifier para sa mga monographic publication na itinalaga sa ilalim ng proteksiyon ng International ISBN Agency sa isang registrant alinsunod sa espisipikasyon ng International Standard ISO 2108: Information and documentation—International standard book number (ISBN).

3.10. ISBN-A

Isang serbisyong nagpapahintulot sa ISBN na mailabas sa DOI system sa pamamagitan ng pagsasama nito sa syntax string ng isang DOI.

PAALALA 3 Pinahihintulutan ng ISBN-A ang isang tiyak na ISBN na magalaw o gawing clickable sa web.

3.11. Monographic Publication

Publikasyong itinuring na kabuoan ng isang bahagi o nilayong makompleto nang may tiyak na dami ng bahagi mula sa pabliser/ (mga) manunulat nito at isinapubliko sa anumang anyo nito.

3.12. Print-on-demand publication

Publikasyong nailimbag sa panahong hiniling ng kostumer sa halip na bigyan ng suplay mula sa dati nang stock na hawak ng distribyutor o pabliser.

3.13. Product form

Ang pangunahing katangiang pisikal o digital ng isang publikasyon na nagpapaiba rito bilang isang produkto.

HALIMBAWA: Ang katulad na edisyon ng isang publikasyon ay maaaring ipakita sa sumusunod na uri ng produkto: hardcover, paperback, CD, audio-book, Braille, at online e-book.

3.14. Product from detail

Karagdagang paglilinaw o detalyeng naglalarawan sa anyo ng produkto ng isang tiyak na publikasyon.

HALIMBAWA: Maaaring kailanganin ang karagdagang detalye upang mailawaran ang mga anyo ng produkto ng katulad na edisyon sa katulad na pulikasyon: jacketed, hardcover; trade paperback; .pdf; .EPUB.

3.15. Product from feature

Mga katangiang pisikal o teknikal ng isang tiyak na publikasyon na nagbibigay ng higit na impormasyon hinggil sa gamit at aksesibilidad nito.

HALIMBAWA: Maaaring kailanganin ang karagdagang impormasyon hinggil sa features ng isang tiyak na mga anyo ng produkto ng katulad na edisyon sa katulad na publikasyon upang sapat itong mailarawan: kulay ng pabalat, font at sukat ng letra; DVD region.

3.16. Pabliser

Indibidwal o korporasyong responsable sa lahat ng yugto sa paglikha, produksiyon, at diseminasyon at pagsasamerkado ng digital o nalimbag na mga publikasyon.

PAALALA 1 Ang pabliser ang kadalasang responsable para sa nilalaman at anumang panganib pampinansiya na pumapaloob sa proseso.

PAALALA 2 Maaaring ang mga awtor mismo ang mga maging pabliser, nang taglay ang mga gampaning nabanggit sa itaas, kilala ito bilang self-publishing.

3.17. Registrant

Tao o organisasyong humiling o tumanggap ng isang balido at tunay na itinakdang ISBN na protektado ng, at alinsunod sa mga alituntuning tinukoy ng International ISBN Agency na tumukoy ng isang monographic publication. Karaniwang ang pabliser ang registrant ng publikasyon, ngunit sa mga natatanging sitwasyon ay maaaring isang tagapamagitan na gumaganap sa ngalan ng, sa posisyon ng, isang pabliser.

3.18. Registration Group

Area ng pamamahala na itinakda ng International ISBN Agency para sa ISO 2108 na maaaring nakabatay sa bansa, wika, o rehiyon.

3.19. Reprint

Ang ikalawa o kasunod na print run (impression) ng katulad na edisyon ng isang aklat.

3.20. Usage Constraint

Paglilimita sa maaaring gawin ng user sa isang tiyak na digital monographic publication.

PAALALA 1 Ang mga usage constraint para sa isang digital publication ay karaniwang itinatakda sa loob ng DRM software.

PAALALA 2 Kung ang katulad na nilalaman ay available nang hiwalay na magkakaibang set ng usage constraint, bawat set ay magkakaroon ng hiwalay monographic publication.

HALIMBAWA: Ang mga usage constraint na naka-set para sa publication control, ito man ay para sa pagpapahintulot ng text-to-speech, maka-print ng tiyak na dami ng mga pahina, at/o makapagpahiram ng aklat sa ibang konsumer.

4. Ang Tungkulin at Saklaw ng ISBN

Kinikilala sa higit na 160 bansa sa daigdig, ang International Standard Book Number ay isang malinaw na palatandaan na maaari itong maging machine-readable. Ipinakikilala ng ISBN ang isang tiyak na monographic publication na natatangi at kung gayon, dapat na isinasama na rito sa simula pa lang ng produksiyon. Isang mahalagang bahagi ng produksiyon, distribusyon, sales analysis at mga bibliographic data storage system sa book trade, napakahalaga rin ng ISBN sa library information management.

Gayunman, kung ang isang produkto ay nararapat sa iba pang tiyak na numbering system, (gaya sa continuing resources at ongoing integrating resources na kalipikadong mabigyan ng ISSN, at printed music na kalipikado para sa ISMN), dapat na gamitin ang system. Kung nararapat, ang mga ganitong identifier ay dapat na gamitin ito kasabay ng ISBN. Ang iba pang impormasyon hinggil sa mga uri ng identifier ay makikita sa seksiyon 16.

Itinatakda ang mga ISBN sa mga monographic publication kasama na ang mga kaugnay na produkto gaya ng mga publikasyon na available bilang mga set o kompletong serye na available sa publiko, ito man ay mga publikasyon at kaugnay na produkto na libheng ipinamamahagi o ipinagbibili. Dagdag pa, ang bawat seksiyon (gaya ng mga kabanata) ng mga monographic publication o mga isyu o atikulo ng continuing resources na inilabas nang magkakahiwalay ay maaari ding gumamit ng ISBN bilang identifier. Kung kalipikado man sa pagtatakda ng ISBN ang publikasyon, wala itong kinalaman sa kung anong uri ng produkto ang isasadokumento at ipamamahagi ang nilalaman; gayunman, ang bawat uri ng produkto at baryasyon ng uri mula sa detalye at/o feature at/o usage constraint ay kailangang tukuyin nang magkakahiwalay.

Ang mga halimbawang uri ng monographic publication na maaaring bigyan ng ISBN ay:

- Mga limbag na aklat at polyeto (at iba pang mga form ng produkto)
- Mga Braille publication
- Mga publikasyong hindi itinakda ng pabliser na regular na maisapanahon o maipagpatuloy nang walang limitasyon sa panahon.
- Audio books (talking books), ito man ay nasa physical carrier o naakses sa internet para ma-download o ma-stream.
- Mga digital publication (e-books), ito man ay nasa physical carrier (gaya ng machine-readable tapes, diskettes, o CD-ROMs) o nasa internet (para sa pag-download o pag-stream)
- Mga digitized copy ng mga limbag na monographic publication na available sa suplay.
- Mga microform publication
- Educational o instructional software, films, videos, DVDs, transparencies, ito man ay nasa physical carrier o naakses sa internet para ma-download o ma-stream.
- Mga mixed media publication na ang pangunahing kasangkot ay teksto, e.g. aklat na may kasamang CD o aklat na may DVD
- Mga indibidwal na artikulo² o isyu ng isang tiyak na continuing resource na naging available nang magkakahiwalay (ngunit hindi ang kabuoang continuing resource)
- Mga art book at illustrated book na may pahina ng titulo at/o teksto o mga caption.
- Mga e-book app na may maraming teksto at maaaring ikonsidera na isang monographic publication at available sa publiko. Maaaring isama ang mga retrato, moving image at tunog.
- Mga mapa at atlas

²Kapag ang mga indibidwal na artikulo ay inilabas nang hiwalay ng isang pabliser, kalipikado ang mga ito bilang mga monographic publication at dapat na takdaan ng ISBN. Hindi ito naibibigay sa offprint o mga preprint copy na inorder ng (mga) awtor ng artikulo para sa kanilang sariling distribusyon.

Ilan sa mga halimbawang uri ng materyales na **HINDI BINIBIGYAN** ng ISBN ay ang:

- Mga continuing resources na ang kabuoan ay itinuring bilang bibliographic entities (ang bawat isyu ay maaring magkaroon ng mga ISBN).
- Abstract entities gaya ng textual works at iba pang mga abstrak na likha na mayroong intelektuwal at artistikong nilalaman.
- Mga limbag o digital na materyales na ginawa para sa mga layuning marketing o promosyonal lamang gaya ng mga bagay na may kinalaman sa advertising, widgets at mga katulad
- Printed Music
- Mga art print at mga art folder na walang pahina ng pamagat at teksto
- Mga personal na dokumento (gaya ng digital curriculum vitae o personal na profayl)
- Mga greeting card
- Mga music sound recording
- Software, films, videos, DVDs o transparencies na hindi ginawa para sa anumang layuning labas sa pagiging edukasyonal at instruksiyonal
- Mga digital bulletin board
- Mga email at iba pang digital na korespondensiya
- Mga laro
- Customized o personalized na mga aklat na hindi ginawa para maging available sa lahat
- Mga license key voucher upang maakses ang mga digital monographic publication sa internet.

Ilan sa mga identifier gaya ng ISSN at ISMN ay may mga tiyak na alituntunin sa pagsaklaw ng materyales na kalipikado para sa pagtatakda at ang iba namang identifier, gaya ng GTIN-13 para sa mga trade item, ay maaaring gamitin sa malawak na saklaw ng produkto.

Dahil sa ganap nang compatible ang ISBN sa GTIN-13, mas nagiging madali para sa mga retailer na ibenta ang mga produkto na may kaugnayan dito, na hindi nag-qualify para sa ISBN at sa halip ay gagamitin ang GTIN-13, kahit na hindi na iangkop ang kanilang mga sistema.

Ang mga listahan at halimbawa sa itaas ay hindi tinatangkang maging komprehensibo lalo't may mga pagkakaiba-iba sa legal at trade practice ng iba-ibang bansa. Para sa dagdag na impormasyon kasama na ang paglilinaw hinggil sa kung ang isang tiyak na produkto ba ay maaaring isama o hindi, maaari ninyong kontakin ang inyong national ISBN registration agency.

Para sa impormasyon hinggil sa iba pang uri ng identifier at kanilang kaangkupan, tingnan ang Seksiyon 16, ISBN at iba pang mga Identifier.

Ang ISBN ay isang identifier at hindi nagtataglay ng anumang form ng legal o copyright protection.

Ang pagtatakda ng isang ISBN sa isang produkto ay hindi nangangahulugan na ang produkto ay isang aklat na maaaring may layuning legal o binubuwis.

³Nailabas na publikasyon noon na walang natukoy na pagwawakas. Ang gayong publikasyon ay karaniwang may kasunod o kasama sa isyu na may bilang at/o pagkakasunod-sunod na pagtatakda. Karaniwan sa mga halimbawang serye nito ang mga pahayagan, periyodiko, journal, magazine, atbp. at mga integrating resource gaya ng pagsaspanahon ng mga loose-leaf publication at mga website.

Halimbawa, bawat hiwalay na produkto ng nobelang *The Old Man and the Sea* ay nararapat para sa ISBN, ngunit ang mismong nobela, bilang isang abstract textual work, ay hindi dapat takda ng ISBN.

5. Estructura ng ISBN

Mula pa noong 1 Enero 2007, ang mga national ISBN registration agency ay nagbibigay lamang ng ISBN na may 13 digits, na naglalaman ng sumusunod na element:

- GS1 element
- Registration group element
- Registration element
- Publication element
- Check digit

Kapag limbag, ang numero ng ISBN ay laging may kasunod na mga letrang “ISBN”.

Paalala: Sa mga bansang hindi alpabetong Latin ang ginagamit, maaaring gamitin ang daglat na nasa karakter ng lokal na uri ng pagsulat **bilang karagdagan** sa letrang Latin ng “ISBN”.

Nahahati sa limang elemento ang ISBN, tatlo sa mga ito ang nagbabago ang haba; ang una at huling elemento ay tiyak ang haba. Dapat na malinaw na naihihiwalay ang mga element sa pamamagitan ng gitling o espasyo kung ipakikita sa human readable form:

ISBN 978-92-95055-12-4

o

ISBN 978 92 95055 12 4

Paalala: Ang paggamit ng mga gitling o espasyo ay walang leksikal na kahulugan at nakatuon lang sa maayos na pagbasa.

Ang bilang ng mga numero sa ikalawa, ikatlo, at ikaapat na element ng ISBN (registration group element, registrant element, publication element) ay magkakaiba. Ang haba ng registration group element at ng registrant element ay may kaugnayan sa inaasahang nailimbag na output ng registration group o registrant. Kung ang mga element na ito ay maikli, tinutukoy nito ang output ng registration group o ng registrant (o pareho) at inaasahang na magkaroon ng malakihang publikasyon.

5.1. GS1 element

Ang unang element ng ISBN ay ang tatlong digits na inilabas ng GS1, dating EAN International. Ang mga dati nang inilabas na prefix ng GS1 ay ang 978 at 979, ngunit maaaring may iba pang prefix na ilalaan sa hinaharap kung kakailanganin upang matiyak ang tuluyang kapasidad ng sistema ng ISBN.

HALIMBAWA: 978

5.2. Registration group element

Ang ikalawang element ng ISBN ay tumutukoy sa bansa, heograpikong rehiyon, o grupo ng wika na lumalahok sa sistema ng ISBN. Ilan sa mga kasaping sistema ng ISBN na mula sa grupo ng wika (e.g. registration group number 3 = German language group sa loob ng GS1 element 978); ang iba’y mula sa mga yunit ng rehiyon 987= South Pacific sa loob ng GS1 element 978). Ang haba ng elementong ito ay nagkakaiba ngunit maaaring magtaglay ng hanggang 5 digits.

Itinatakda ng International ISBN Agency ang mga registration group element.

HALIMBAWA: 978-92

5.3. Registrant element

Ang ikatlong element ng ISBN ay tumutukoy sa isang tiyak na pabliser o imprint sa loob ng isang registration group. Ang haba ng element na ito ay nagkakaiba-iba na may direktang kinalaman sa inaasahang output ng pabliser at maaaring magtaglay ng hanggang 7 digits. Ang mga pabliser na may pinakamaraming inaasahang output ng mga titulo ay tatakdaan ng pinakamaiikling registrant element at vice versa.

Ang mga posibleng maging registrant ay nag-aaplay sa ISBN registration na namamahala sa sistema ng ISBN sa loob ng bansa, rehiyon, o grupo ng wika kung saan sila kabilang upang matakdaan ng mga registrant element na natatangi sa kanila. Sa sandaling maubos na ang pagtatakda ng mga ISBN na naka-link sa kanilang registrant element, maaari silang bigyan ng karagdang registrant element kung mangangailangan pa ng pagtatakda ng mga ISBN. (Tingnan ang 14.4 para sa dagdag na impormasyon hinggil sa pagtatakda ng mga ISBN registrant element.)

HALIMBAWA 978-92-95055

5.4. Publication element

Ang ikaapat na element ng ISBN ay tumutukoy sa espisipikong edisyon ng isang publikasyon ng pabliser. Ang haba ng element na ito ay nagkakaiba-iba na may direktang kinalaman sa inaasahang output ng kasangkot na pabliser at maaaring magtaglay ng hanggang 6 digits. Ang mga pabliser na may pinakamaraming inaasahang output ng mga titulo ay tatakdaan ng pinakamahabang registrant element at vice versa. Upang matiyak na napananatili ang haba ng ISBN, ang mga blank digit ay kinakatawan ng mga zero sa unahan.

HALIMBAWA 978-92-95055-12

5.5. Check digit

Ang ikalimang element ay ang check digit. Lumalabas ito gamit ang modulus 10 algorithm. (Tingnan ang Apendise A para sa pagkalkula o kontakin ang inyong national ISBN registration agency para sa abiso.)

6. Aplikasyon ng ISBN

6.1. Pangkalahatan

Itatakda ang isang hiwalay na ISBN sa bawat monographic publication o hiwalay na edisyon o format ng isang monographic publication na inisyu ng pabliser.

Magtatalaga ng hiwalay na ISBN sa bawat magkakaibang edisyon ng wika ng isang monographic publication.

Kung nailabas ang isang monographic publication sa ibang uri ng produkto at/o, mga detalye, at/o features, at/o mga set ng usage constraint na nakaaapekto sa pag-akses sa naging produkto, dapat na magkaroon ng sariling ISBN ang bawat bersiyon.

Hindi dapat magtatalaga ng hiwalay na ISBN sa isang edisyon o muling paglimbag ng parehong publikasyon na wala namang pagbabago, inisyu sa katulad na uri ng produkto, detalye, feature, na may mga katulad na usage constraint, ng parehong pabliser o imprint.

6.2. Mga Pagbabago sa mga Publikasyon

Magtatalaga ng hiwalay na ISBN kung may malalaking pagbabago sa alinmang bahagi o mga bahagi ng isang publikasyon na may kaugnayan sa naunang mga edisyon ng publikasyon, o kung may malalaking pagbabago sa pisikal o digital na mga katangian ng publikasyon sa bagong edisyon.

Aplikable ito para sa mga pagbabago sa:

- pamagat at/o subtitle⁵ ng isang publikasyon
- Wika
- Pangalan ng pabliser o imprint⁶
- Pangalan ng awtor
- Nilalamang teksto bukod sa mga kaunting pagtatama sa maling imprint
- Uri ng produkto (e.g. mula hardback tungong paperback; mula audiobook na nasa physical carrier tungong audiobook na maaaring ma-download)
- product form detail (e.g. mula .pdf tungong EPUB; pagpapalit ng sukat ng libro)
- product form features (e.g. mula “normal” na font ng teksto tungong “dyslexic” na font ng teksto; mula sa EPUB version 2 tungong EPUB version 3)⁷
- Mga usage constraint (e.g. mula sa “printing allowed” tungong “printing not allowed,” mula “single concurrent user” tungong “multi-user”)

Ang pagbabago sa disenyo ng pabalat o kulay, o presyo ng isang monopgraphic ay hindi nangangailan ng hiwalay na ISBN, bagama’t maaaring itakda ang isang hiwalay na ISBN kung hinihingi ng supply chain (e.g. media tie-in).

6.3. Facsimile reprints

Magtatalaga ng hiwalay na ISBN sa isang facsimile reprint kung ito ay inilabas ng ibang pabliser o muling inilimbag ng iba pang pabliser. Dapat ding magtatalaga ng hiwalay na ISBN kung ang parehong publikasyon ay nailimbag ng iba pang imprint ng parehong pabliser. Kung ang libro ay na-scan at na-digitize ng isang organisasyon bukod sa orihinal na pabliser (e.g. silid-aklatan), ang scanned at digitized version ay dapat na magkaroon ng hiwalay na ISBN sa para sa bagong naglabas nito sa pasubaling ang bersiyong iyon ay nailabas sa publiko (kaiba sa layuning pansinupan lamang).

6.4. Mga loose-leaf publication at mga digital equivalent

Dapat na itakda ang ISBN sa isang loose-leaf publication na may katapusan—iyon ay, isang loose-leaf publication o nasa digital equivalent nito na hindi ginawa upang magkaroon pa nang mga pagpapatuloy.

Hindi dapat itakda ang ISBN alinman sa loose-leaf publication na patuluyang naisasapanahon (integrating resources) o sa bawat bahagi na naisasapanahon.

6.5. Mga Multi-volume na publikasyon

Maaaring magkaroon ng higit sa isang tomo ang publikasyon, at sa mga pagkakataong ito, dapat na itakda ang ISBN upang saklawin ang kabuoang set. Sa puntong ang bawat tomo ng set ay naging available

⁵Ang pagtatalaga ng bagong ISBN para sa pagpapalit ng subtitle ay nakadepende sa kahalagahan ng pagpapalit. Halimbawa, ang pagdaragdag ng “A Kurt Wallander Mystery” bilang subtitle ay hindi na nangangailangan pa ng ISBN.

⁶Sa ilang bansa, hindi awtomatikong kahingian ang bagong ISBN para sa pagpapalit ng imprint—itanong sa inyong national ISBN Agency.

⁷Hindi kahingian ang pagpapalit ng ISBN sa kaso ng paglilipat ng dati nang EPUB version 2 tungong EPUB version 3 kung hindi naman naging available nang magkasabay ang dalawang bersiyon at hindi naman kailangang tukuyin ng nagbebenta at mamimili ang alinman sa dalawa.

nang magkakahiwalay, dapat na takdaan ang bawat tomo ng magkakaibang ISBN sa pagtukoy nito. Ang verso ng title page (o ng katumbas nito sa isang non-print version) sa bawat pagkakataon ay dapat na maipakita nang malinaw ang ISBN para sa kabuoan ng set gayundin ang ISBN para sa mga tiyak na tomo.

Kahit na ang publikasyong may maramihang tomo ay available lamang bilang isang kompletong set, inirerekomenda pa rin ang pagtatakda ng magkakahiwalay na ISBN sa bawat tomo. Ito ang nagpapabilis sa pagpoproseso ng transaksyon, kasama na ang pamamahala sa shipments kung hindi magkakasabay ang paglimbag sa lahat ng tomo at ang pamalit na suplay kung mayroong mga kopyang nagkaroon ng sira.

6.6. Multi-item packs

Kung ang isang multi-item pack ay mayroong higit sa isang proodukto na bibigyan ng ISBN, dapat na takdaan ng isang ISBN ang pack. Dagdag pa, ang bawat aytem sa pack na kalipikado para sa isang ISBN ay kailangang magkaroon ng hiwalay na ISBN kung magiging available ito nang magkakahiwalay. Kahit na ang bawat aytem sa pack na bibigyan ng ISBN ay hindi inilabas nang magkakahiwalay, maaari itong takdaan ng ISBN kung hinihingi ng supply chain.

Sa isang kalipikadong produktong inilabas nang may kasamang secondary item na hindi kalipikado para sa ISBN, isang ISBN ang dapat na gamitin upang tumukoy sa pack, at isa pang ISBN upang tumukoy sa mga kalipikadong produkto kung ito'y ilalabas din nang hiwalay. Gayunman, labas na rin sa saklaw ng ISBN, hindi dapat gamitin ang ISBN sa pagtukoy ng secondary element kung ito rin ay ilalabas nang hiwalay.

Sa isang pack na naglalaman ng educational software product at kasama nitong mga user at technical manual, ang isang ISBN ay maaari nang sumaklaw sa lahat ng aytem kung kahingian ang mga manwal upang mapagana ang software at nagiging mahalaga lamang upang asistihan ang paggamit sa software. Kung hiwalay na inilabas ang mga manwal na ito, saka ito kailangang takdaan ng hiwalay na ISBN.

Kung ang pangunahing element ng isang multi-item product ay isang libro o kalipikadong educational software man, kahit na may kasamang booklet (e.g. instruction booklet), hindi kalipikado ang package para sa ISBN, sa kabuoan nito.

7. Assignment issues

7.1 Backlist

Kung lalahok sa sistema ng ISBN ang isang pabliser kahit na nakapaglimbag na ito, kailangan nilang magtalaga ng mga ISBN sa lahat ng backlist publication at ilabas ang mga ISBN sa alinmang katalogo na ilalabas ng pabliser, ito man ay nasa print o digital format. Kailangan ding lumabas ang ISBN sa kagyat na kasunod na muling paglimbag o pagpapalabas ng isang backlist title.

7.2 Collaborative publications

Ang publikasyong inilabas bilang isang joint imprint ng ibang pabliser ay kadalasang tinatakdaan ng ISBN ang (ang mga) pabliser na namamahala sa pamamahagi. Gayunman, ang bawat katuwang na pabliser ay pinahihintulutang magtalaga ng sarili

nitong ISBN at ipakita sa pahina ng copyright. Sa mga ganitong pagkakataon, isa lang sa mga ISBN ang dapat na makita bilang bar code ng publikasyon.

7.3 Mga publikasyong ipinagbibili o ipinamamahagi ng mga ahente

(sa ibaba, ang b at d ay akma lamang sa mga bansang hindi pa nakikilahok sa sistema)

- a. Batay sa isinasaad ng pamantayan ng ISBN, ang isang tiyak na edisyong inilimbag ng isang pabliser ay makatatanggap lamang ng isang ISBN. Dapat manatili ang ISBN saan man, o kanino man ipinamahagi o ipinagbili ang publikasyon.
- b. Ang publikasyong iniangkat ng isang eksklusibong distribyutor o solong ahente mula sa lugar na hindi saklaw ng sistema ng ISBN at walang nakatalagang ISBN dito ay maaaring bigyan ng ISBN sa pamamagitan ng eksklusibong distribyutor.
- c. Ang mga publikasyong iniangkat ng isang eksklusibong distribyutor o solong ahente na may bagong pahina ng pamagat, na kakikitahan ng eksklusibong distribyutor, ay idinagdag sa pahina ng pamagat ng orihinal na pabliser ay bibigyan ng bagong ISBN sa ilalim ng eksklusibong distribyutor o solong ahente. Ibigay rin ang ISBN ng orihinal na pabliser.
- d. Ang isang publikasyong iniangkat ng iba't ibang distribytor sa mga lugar na di-saklaw ng sistema ng ISBN at walang nakatalagang mga ISBN sa mga ito ay maaaring takdaan ng ISBN ng ISBN registration agency na namamahala sa mga distribyutor na iyon.

7.4 Pagbili ng pabliser sa isa pang pagbliser

Ang pabliser na bumili sa isang pang pabliser ay maaaring magpatuloy sa paggamit ng mga hindi pa nakatalagang ISBN mula sa mga orihinal na itinakdang registrant element. Ang ISBN agency na namamahala para sa registrant element ay kailangang pabatiran hinggil sa pagpapalit ng pagmamay-ari ng registrant element. Kung ipinagpatuloy ang paglilimbag sa mga aklat sa ilalim ng parehong pangalan ng mga pabliser, kailangan itong magkaroon ng magkakaibang registrant element o pagsaluhan ang isa batay sa kalakaran ng merkado.

7.5 Pagbili ng lahat ng stock at karapatan sa publikasyon

Ang pabliser na bumili sa lahat ng stock maging sa karapatan sa publikasyon ay maaaring magpatuloy sa paggamit ng orihinal na itinakdang ISBN hanggang sa makapaglabas ang kompanya ng bagong limbag o muling paglimbag ng publikasyon sa ilalim na ng sariling ISBN registrant element ng kompanya.

7.6 Mga pabliser na may higit sa isang lugar ng publikasyon

Ang pabliser na naglalabas sa iba't ibang lugar na kasama sa mga inilistang imprint ng publikasyon ay dapat na takdaan lamang ng isang ISBN sa publikasyong ito. Ang pabliser na naglalabas sa hiwalay at natatanging opisina o sangay sa iba't ibang lugar ay maaaring magkaroon ng registrant element sa bawat opisina o sangay. Gayunman, ang bawat publikasyon ay kailangang takdaan ng isang ISBN lamang sa ilalim ng opisina o sangay na namamahala ng publikasyon.

7.7 Hindi maaaring ipasa ang mga ISBN

Sa sandaling naitakda na ng ISBN registration agency ang registrant prefix at mga kaugnay na hanay ng mga numero sa isang pabliser, maaaring magtakda ang

pabliser ng mga ISBN sa mga publikasyong nagmamay-ari sa mga ito. Gayunman, matapos na makapagtakda ang ISBN agency ng mga ISBN sa pabliser, hindi na maaaring ibenta, ipasa, ilipat o hatiin ang listahan ng mga ISBN sa iba pang mga pabliser.

7.8 Hindi maaaring muling gamitin ang mga ISBN

Sa sandaling maitakda na sa isang monographic publication, hindi na maaaring muling gamitin ang isang ISBN upang tumukoy sa iba pang monographic publication kahit na may mali sa orihinal na naitakdang ISBN. Kailangang alisin ng nakakitang registrant sa listahan ng mga gagamiting numero ang mga maling naitakdang ISBN. Kailangan ding ireport ng registrant ang maling ISBN sa kanilang ISBN Registration agency. Ipababatid ng ISBN registration agency sa sinumang itinalagang third party bibliographic agency ang kamalian.

8. Registry ng mga ISBN at mga kasamang metadata

Mahalaga ang availability ng descriptive metadata sa parehong pagbebenta at pagkakatalogo ng mga aklat. May patunay na ang maayos na pagme-metadata ay nagbubunsod ng mataas na benta. Responsabilidad ng mga pabliser/registant na ipaalam sa kanilang mga ISBN registration agency, o organisasyong namamahala sa pananatili ng rehistrasyon ang mga ISBN na itatakda sa mga susunod na publikasyon. Dapat maisama sa impormasyon ang sumusunod na metadata (descriptive) bilang minimum na mga element at dapat na maging compatible sa ONIX para sa pagtugon sa mga pamantayan ng Books product information na pinananatili ng EDItEUR at mga kaugnay nitong organisasyon:

Data element	Mga komentaryo	ONIX 3 element(s)	Mandatory (Y/N)
ISBN	Sa 13-digit ISBN format, walang espasyo o gitling	<ProductIdentifier>	Y
Product form	Coding na tumutukoy sa midyum at/o format ng produkto <i>Maaari ding pag-ibahin ang mga pisikal na sukat sa dalawang produkto kung hindi naman pareho ang pagkakagawa at format</i>	<ProductComposition> <ProductForm> <ProductFormDetail> <ProductFormFeature> <Measure> <ProductPart>	Y Y N N N N
Mga Serye	Kung aplikable, titulo ng mga serye at enumerasyon	<Collection> composite	N
Titulo	Titulo ng publikasyon, kasama ang mga sub-title o iba pang element ng titulo, kung saan aplikable	<TitleDetail> composite	Y

Contributor	Contributor role code(s) at contributor name(s)	<Contributor> composite [Identifier (ISNI) optional]	N
Edisyon	Bilang ng edisyon (para sa mga edisyon matapos ang una), uri, at pagpapahayag	<EditionTypeCode> <EditionNumber> <EditionStatement>	N Y (after first edition) N
(Mga) Wikang ginamit	Gamit ang ISO 638-2/B language codes	<Language> composite	Y
Imprint	Ang brand name kung saan inilabas ang publikasyon	<Imprint> composite [Identifier (ISNI) optional]	Y
Pabliser	Tao o organisasyong nagmamay-ari sa imprint sa panahon ng publikasyon	<Publisher> composite [Identifier (ISNI) optional]	Y
Bansang pinagmulan ng publikasyon	Gamit ang ISO 3166-1 country codes	<CountryOfPublication>	Y
Publication date Petsa ng publikasyon	The date of first publication under this ISBN. In the ISO 8601 format (YYYYMMDD). Petsa ng unang publikasyon gamit ang ISBN na ito. Sa format ng ISO 8601 (YYYYMMDD)	<PublishingDate> composite	Y
ISBN ng orihinal na pinanggalingan ng publikasyon	ISBN ng orihinal na pinanggalingan ng publikasyon kung saan bahagi ang publikasyong ito, kung aplikable <i>Ginagamit kung ang ISBN ay narehistro para sa isang kabanata o bahagi, o bahagi ng</i>	<RelatedProduct> composite <RelatedWork> composite	N N

	<i>isang set o mga serye.</i>		
	<i>Para sa mga produktong digital, may posibilidad din na maitakda ang ISBN ng isang downstream intermediary kung hindi pa ito nagagawa ng pabliser</i>	<RecordSource...> elements	N
	<i>Gayundin, para sa mga produktong digital, ang magkaibang license terms (usage constraints) o operation system requirements ay maaaring pag-ibahin kung hindi man magkatulad ang dalawang produkto.</i>	<ProductFormFeature> <EpubTechnicalProtecti on> <EpubUsageConstraint >	N N N

Paalala: Sa ibang pagkakataon, ginagamit ng ONIX ang composite bilang kinatawan sa ISBN metadata set na sa unang tingin ay sasapat na ang simpleng data element, o gagamit ng isang coded value na isang code lamang ang valid, Tinitiyak ng paraang ito na kayang tukuyin ang ISBN metadata sa ONIX para sa ISBN Registration message na isang true subset ng kasalukuyang ONIX for Books (ONIX 3.0)

Ibibigay ng International ISBN Agency ang XML schema batay sa kahilingan.

Ang mga database na umuugnay sa mga ISBN sa kanilang metadata (gaya ng books-in-print listing, national bibliography, atbp,) ay kailangang maging available at nasasapanahon. Sa mga pangyayaring hindi nagbibigay ng gayong bibliographic listing services ang ISBN registration agencies, gayong sila ang namamahala sa pakikipag-ugnay sa mga angkop na service providers upang matiyak na accessible ang gayong mga serbisyo. Ang ISBN registration agencies at mga pabliser ng mga bibliographic database ay maaaring pagbayarin ng fee ang mga customer para maakses ang impormasyong ito.

9. ISBN para sa mga Digital Publication and Educational/ Instructional Software

9.1 ISBN para sa mga eligible digital publication

Kung available sa digital na format ang publikasyon (e.g. e-book, e-book app, CD-ROM o publikasyong available sa internet), kalipikado itong bigyan ng ISBN kung mayroon itong teksto at isinapubliko, at walang intensiyong ilimbag bilang isang continuing resources. Ang ganitong mga publikasyon ay maaaring mayroon ding mga retrato at tunog.

Hindi dapat takdaang ng ISBN ang sumusunod na uri ng digital publication:

- Mga publikasyong kailangan ng palagiang pagsasapanahon at posible ang agarang pag-akses sa mga ito gaya sa mga online database
- Mga website
- Mga materyales sa promosyon at advertising

- Mga bulletin board
- Mga email at iba pang digital na korespondensiya
- Mga search engine
- Mga laro
- Mga personal na dokumento (gaya ng curriculum vitae o personal na profayl)
- Mga scheduler/diary

9.2 ISBN para sa mga eligible software product

Maaaring gamitin ang isang ISBN upang tukuyin ang tiyak na software product na ginawa para sa edukasyonal at/o promosyonal na layunin gaya ng isang computer-based training product, ito man ay maaaring baguhin (customizable) o nangangailangan ng datos upang mapagana.

Ang lahat ng software product (e.g. computer games) ay hindi tatakdaan ng ISBN.

9.3 Mga simulain sa pagtatakda ng ISBN sa mga digital publication

Kailangang magkaroon ng hiwalay na mga ISBN sa mga publikasyon kung ang isa sa mga suplay ay kailangang tukuyin nang hiwalay sa iba.

Ang ISBN ay isang identifier ng mga monographic publication (mga aklat) at mga kaugnay na produkto na isinapubliko. Hindi dapat gamitin ang ISBN upang tukuyin ang files na ipinapasa lamang sa mga pabliser at mga typesetter o mga e-book conversion service, hindi rin ito dapat tumukoy sa mga abstraktong entidad gaya ng teksto (nilalaman).

Mahalagang matukoy ang pagkakaiba-iba ng mga “produkto” na laging may hiwalay na ISBN, at sa pagkakataong ang ibang mga DRM o ibang mga usage constraint ay naisama sa produkto sa puntong ginawa ang transaksyon ng pagbili. Hindi na madaling makita ang pagkakaiba nto. Mahalaga ring tandaan na kailangan ang hiwalay na ISBN upang maiwasan ang kalituhan sa supply chain na mayroong magkakaibang produkto at maraming panig ang kasangkot.

Kailangang malaman ng end user kung a) bubukas ba sa kanilang device ang bibilhing e-book at b) anong maaari nilang gawin dito (e.g. copy, print, lend, text to speech, atbp.). Karaniwan itong nakikita sa pamamagitan ng kombinasyon ng file format (e.g. EPUB, .pdf) at software na kilala bilang Digital Rights Management (DRM) na kumokontrol—sa usaping teknikal—sa gamit na maaaring nasa e-book. Padadaliin ng hiwalay na mga ISBN ang pamamahala, diseminasyon at paglabas ng impormasyong ito, gayundin ang pagpapadala ng angkop na bersiyon ng isang e-book.

- Kung ang tiyak na bibigyan ng e-book ay available sa iba-iba pang format gaya ng EPUB, .pdf, atbp., ang bawat magkakaibang formay na isinapubliko at magkakahiwalay na inilabas ay dapat na bigyan ng hiwalay na ISBN. Kung itatawid sa isang bagong bersiyon ng file format ang publikasyon (e.g. EPUB2 to EPUB3), nararapat ang pagkakaroon ng hiwalay na ISBN kung ang parehong bersiyon ay magkasabay na inilabas o kailangang tukuyin ng nagbebenta at kostumer ang mga bersiyon.
- Kung ang angkop na file format o DRM ay ginamit upang maikonekta ang isang bersiyon sa isang tiyak na platform, device o software (reading system),

kailangan ang paggamit ng hiwalay na mga ISBN sa bawat isang bersiyon. Gayunman, kung ang mga digital publication ay inilalabas ng isang retailer na siya ring sole provider ng mga e-book sa angkop nitong format na mabibili lamang sa kanilang website (e.g. Amazon Kindle, Apple i-books), hindi na kinakailangan ng retailer ang mga ISBN, maaaring hindi sapilitan ang pagtatakda ng mga ISBN sa mga ganitong bersiyon. Gayundin, maaring makatulong ang pagkakaroon nito sa pag-track ng benta o sa paglilista ng mga publikasyon na nasa mga third-party database ng mga available e-book. Kapag may mga ISBN, natatangi ang bersiyon ito.

- Kung available sa supply chain ang publikasyon nang may higit sa isang tiyak na uri ng DRM, maaaring itakda ang katulad na ISBN, ito man ay ibinigay ng orihinal na pabliser o ng nagbenta nito pagkatapos, sa pasubaling hindi nakaaapekto ang DRM technology sa mga gumagamit o nagtatakda ng ibang mga usage constraint.
- Kung available sa supply chain ang publikasyon sa mga bersiyong may magkakaibang usage constraint, ito man ay ibinigay ng orihinal na pabliser o ng nagbenta nito pagkatapos, kung kaya ang bawat bersiyon ay natatanging produkto na kailangang tukuyin gamit ang mga natatanging ISBN.
- Kung natukoy ang mga usage constraint habang ginagawa ang transaksyon ng nagbebenta at ng kostumer, (halimbawa, Ang kostumer ay inalok ng isang serbisyong nagpapahintulot na magkaroon ng malawak na pamimilian sa mga kailangang usage constraint), kaya walang ISBN ang itatakda sa kinalabasang binagang publikasyon.

Halimbawa 1: Naglabas ng dalawang bersiyong EPUB ng parehong aklat ang pabliser, may magkakaibang usage constraint ang bawat isa at inilabas ito sa supply chain gamit ang iba-ibang tagapamagitan. Ang ISBN ay kahingian sa bawat tiyak na bersiyon ng produkto.

Halimbawa 2: Naglabas ang pabliser ng file na nasa EPUB format at inilabas sa nagbebenta na gumagamit ng dalawang magkakaibang set ng usage constraint sa EPUB at parehong ginawang available ang dalawang bersiyon, bilang dalawang magkaibang produkto. Kailangan ang ISBN sa bawat bersiyon ng produkto (maaaring itakda ang ISBN ng pabliser o ng nagbebenta kung hindi ibinigay ng pabliser).

Halimbawa 3: Binuksan ng nagbebenta sa publiko ang posibilidad na makabili ng e-book at makapili ng uri ng DRM na gagamitin. Sa kasong ito, hindi na kakailanganin ang pagtatakda ng magkakaibang ISBN lalo't wala nang kalituhan sa usapan ng nagbebenta at ng mamimili.

Halimbawa 4: Naglabas ng publikasyon ang isang pabliser—available ang isang bersiyon ng publikasyon nang may accessibility features gaya ng enhanced textual description katabi ng mga ilustrasyon at doon sa wala. Ang bawat bersiyon ay may mga natatanging ISBN upang maging malinaw sa mga posibleng bibli at gagamit (lalo sa mga naghahanap ng mga nailabas na publikasyon) ng mga tiyak na katangian at nang sa gayon ay hiwalay na matukoy ang mga bersiyon.

Halimbawa 5: Nag-aalok ang isang pabliser ng limitado at naitakda nang baryasyon ng mga usage constraint para sa mga tiyak na publikasyon sa supply chain (e.g. printable ang isang bersiyon at ang isa naman ay hindi, o ang pagpili sa

tatlo o anim na buwang pagrenta). Magkakahiwalay na publikasyon ang bawat isa at nangangailangan ng magkakahiwalay na ISBN.

Halimbawa 6: Nag-aalok ang isang pabliser ng malawak na baryasyon (e.g. na maaaring pamilian ng iba't ibang uri ng constraint parameter mula sa extensive menu o selection system). Ang bawat posibleng kombinasyon ay kinakailangang bigyan ng hiwalay na ISBN dahil ito ay mga customized publication.

- Kung may intermediaries ang mga pabliser para gumawa ng iba-ibang format ng kanilang mga e-book, dapat bigyan ng hiwalay na mga ISBN ang intermediaries na itatakda sa bawat format.
- Kung hindi magbibigay ang pabliser ng mga ISBN sa intermediaries para sa magkakahiwalay na format, maaaring magtakda ng sariling ISBN ang intermediaries. Magbibigay ang ISBN registration agencies ng mga ISBN registrant element sa intermediaries para sa layuning ito. Sa kasong ito, ang mga ISBN at kaugnay na metadata ay kailangang iulat sa pabliser at sa national ISBN registration agency at iba pang bibliographic agencies. (N.B. Ang balangkas ng metodo sa talatang ito ay hindi ang inirekomendang solusyon at dapat lamang gamitin sa mga pagkakataong tumangging magbigay ang pabliser ng mga ISBN sa bawat produkto.
- Kung ang aklat ay na-digitize ng isang aklatan o iba pang organisasyon at isinapubliko ang bersiyong digital bilang isang bagong produkto, dapat itong tukuyin gamit ang hiwalay na ISBN, mayroon mang kabayaran sa pag-akses sa bersiyong digital o wala.

10. ISBN para sa mga Print-on-Demand Publication

Para sa mga layunin ng pagtatakda ng ISBN, ang print on demand ay isang uri ng print technology.

Ang print on demand publication ay inililimbag at isinapinal ang kopya bilang tugon sa mga tiyak na order mula sa kostumer. Ang mga ganitong order ay kadalasang para sa ma naideklara nang “out of print” lalo’t hindi na kakayanin ang normal na paglilimbag sa mga ito.

Kung ang on-demand version ng isang publikasyon ay nasa ibang uri ng produkto mula sa nauna nang nalimbag na non-on-demand version, (e.g. kung ang hardback ay naging paperback nang ilipat sa pagiging on-demand), kailangan ang bagong ISBN, gaya sa iba pang ginawang pagbabago sa uri ng produkto. Ang maliliit na pagbabago sa sukat upang makatugon sa espisipikasyon ng on-demand printing machines ay hindi nangangailangan ng bagong ISBN.

Kadalasang itinatakda ang ISBN sa isang print-on-demand publication kung ito ay inilabas o inilista bilang available on-demand kaysa sa aktuwal na paglimbag dito.

Ang isang “customized” o “personalized” na bersiyon ng isang print-on-demand book, kung saan ang kostumer, hindi ang pabliser, ang nagdidikta ng lalamanin ng aklat, at may limitadong availability, at hindi tinatakdaan ng ISBN.

11. Mga Course Pack

Ang course pack ay isang physical o digital compilation ng iba't ibang materyales at maaaring maglaman ng book extracts, mga artikulo mula sa journal, mga materyales na sinulat ng guro, at posible, mga materyales na multi-media. Ang bawat nilalaman ay dapat lamang takdaan ng mga ISBN kapag hiwalay silang inilabas at kalipikado para sa mga ISBN. Hindi dapat takdaan ng ISBN ang mismong course pack kung ito ay ginawa para sa isang end-user. Gayunman, kung ginawa ang course pack para sa malawakang pagpapalabas (e.g. sa mga college bookstore), dapat itong takdaan ng ISBN.

12. Small at Self-Publishers

Ang self-publishing ay ang paglalabas ng isang aklat (digital o printed) ng awtor nito nang walang kasangkot na establisadong pabliser. Sagot ng awtor ang lahat ng pinansiyal na pangangailangan at pamamahala sa kabuoang proseso. Maaaring i- outsource ng awtor ang lahat o bahagi ng proseso sa mga kompanyang gumagawa ng mga prosesong ito.

Sa kaso ng self-publishing, tinatratong registrant/pabliser ang awtor at maaaring takdaan ng isang registrant prefix at angkop na haba ng mga ISBN, o kung nagtakda ang ISBN registration agency ng haba ng numero para sa pagtatakda sa mga small at self-publisher, bibigyan ng single ISBN mula sa shared prefix.

Maaaring iatas ng mga Registration Agency ang limitasyon sa bilang ng mga ISBN mula sa mga shared prefix na maaaring itakda sa mga pabliser bago pa man hingian ang pabliser ng sarili nilang prefix at haba ng mga numero.

Hindi dapat maging madalas ang pagtatakda ng registrant element sa mga third-party publishing service provider kung hindi naman din sila ang mga pabliser.

Dapat malaman ng mga self-publisher na kung inalok ng isang third-party service provider na itakda ang isa sa kanilang mga ISBN, ililista sa mga ISBN-related database ang service provider bilang isang pabliser.

Kung eksklusibo sa isang platform at hindi available sa supply chain ang publikasyon, hindi sapilitan ang pagkakaroon ng ISBN. Gayunman, kung magiging available ang publikasyon sa supply chain (e.g. sa pamamagitan ng booksellers), dapat itong takdaan ng ISBN.

N.B. Hindi dapat manggaling ang mga ISBN sa angkop na ISBN registration agency na namamahala sa bansa kung saan nakabase ang pabliser, nang walang pagsasaalang-alang sa pinanggalingan ng anumang platform o self-publishing service.

13. Location and Display ng ISBN sa mga Publikasyon

13.1 Pangkalahatan

Dapat na makita mismo sa aytem ang ISBN.

Sa mga nailimbag na publikasyon, kailangang makita ang ISBN sa:

- Verso ng title page (copyright page)

- Foot ng title page, kung walang espasyo sa title verso
- Ibabang seksiyon ng panlabas na pabalat sa likod
- Foot ng likod ng jacket, o iba pang protective case, o pabalat

Sa kaso ng mga digital publication, kailangang makita ang ISBN sa:

*Title display: ang unang display (mga compact disc, online publication); o nasa screen na nagpapakita ng titulo o katumbas nito (e.g. ang paunang display sa screen sa sandaling maakses na ang nilalaman at/o nasa screen na nagpapakita ng copyright notice)

Sa edukasyonal /instruksiyonal na mga pelikula, videos at transparencies, dapat na makita ang ISBN sa credit titles.

Kung ang publikasyon ay inilabas nang may sisidlan (lagayan) na may malaking kinalaman sa publikasyon (e.g. isang compact disc, cassette, o diskette), dapat na ilagay ang ISBN sa anumang label na kasama sa sisidlan. Kung hindi posible ang paglalagay ng ISBN sa sisidlan o sa label nito, ilalagay ang ISBN sa ibabang-likurang bahagi ng anumang permanenteng lagayan para sa nasabing sisidlan (e.g. sa kahon, sleeve, o frame).

Ang magkakaibang format ng isang digital publication ay dapat bigyan ng sariling ISBN kung ito ay available nang magkakahiwalay. Kung ang publikasyon ay available sa dalawang format na palaging magkasama kapag ipinagbibili, kailangan lamang ang isang ISBN. Kung magkakahiwalay na available ang mga format, dapat na ilista ang ISBN ng isa sa ilalim ng lahat ng bersiyon at dapat na banggitin sa loob ng panaklong ang abbreviated format sa dulo ng ISBN nito. Sa mga edisyong nailimbag, kung tukoy na ang mga ISBN ng iba't ibang format, maaari ding isulat ang mga ganitong format sa ganitong paraan.

Mga halimbawa: ISBN 978-951-45-9693-3 (hardback)
 ISBN 978-951-45-9694-0 (paperback)
 ISBN 978-951-45-9695-7 (PDF)
 ISBN 978-951-45-9696-4 (EPUB)

Dapat ding makita ang ISBN sa anumang kasamang materyales na inisyu bilang kasama ng publikasyon.

Dapat na laging nakalimbag ang ISBN sa tipong madali itong nababasa (i.e., 9-point o mas malaki pa).

13.2 ISBN na nasa bar code form

Ang mabilis, at pandaigdigang pagpapalawak ng bar code scanning ang nagbigay ng kahalagahan sa pagkakasundo ng GS1 (dating EAN International at Uniform Code Council) at ng International ISBN at International ISMN Agency, na nagpapahintulot na magamit ang ISBN sa EAN-13 bar code. Ginawa nitong isang pandaigdigang indentifier ang ISBN na compatible sa pandaigdigang sistema ng bar-coding.

Ang pagsasama ng ISBN sa sistema ng EAN-13 bar code ay kailangang alinsunod sa ISO/IEC 15420 (bar code symbology specification EAN/UPC) na nagtatakda ng paggamit ng mga simbolo ng EAN-13 na umaalinsunod sa mga rekomendasyon ng GS1. Mayroong 13 numero ang isang EAN bar code.

Ipinakikita sa ibaba ang isang halimbawang ISBN na itinala gamit ang bar code symbol ng EAN-13:

ISBN 978-92-95055-12-4

Kung ginamit sa isang bar code, dapat na ipakita ang ISBN sa paraang agad na nababasa sa itaas ng bar code symbol ng EAN-13, kasunod ng “ISBN”.

Halimbawa ng paglimbag ng ISBN gamit ang EAN-13 bar code symbology:



Ang mga dagdag na impormasyon hinggil sa paggamit ng EAN-13 bar code symbol ay ibibigay ng mga ISBN registration agency at ng International ISBN Agency. Hinihikayat ang mga ISBN registration agency na direktang makisangkot sa mga GS1 organization sa pambansa o rehiyonal na antas.

Ang inirekomendang lokasyon ng EAN-13 bar code symbol para sa mga publikasyon ay nasa lower right quadrant ng likod, malapit sa spine.

13.3 Five-digit add-on code

Sa Estados Unidos at Canada, ginagamit sa pagbebenta ng aklat ang five-digit add-on sa bar code upang matukoy ang presyo. Para sa dagdag na impormasyon hinggil sa mga bar code sa Estados Unidos at Canada, bisitahin ang Book Industry Study Group website <http://bisg.org>.

Hindi dapat gamitin sa ibang mga bansa ang five-digit add-on code para sa impormasyon hinggil sa presyo, kahit na maaari itong gamitin nang may “9” bilang prefix para sa personal na paggamit ng pabliser (e.g., para sa pamamahala ng mga ibinalik na aklat). Laging nagsisimula sa “9” ang mga supplementary code na nasa range ng “90000-98999”.

13.4 Algorithm para sa paggawa ng ISBN Check Digit

Tingnan ang A1.1 ng apendise para sa impormasyon hinggil sa pagkalkula ng check digit ng ISBN.

14. Pamamahala ng Sistema ng ISBN

14.1 Pangkalahatan

Ang pamamahala sa sistema ng ISBN ay nasa tatlong antas: Pandaigdigang, ISBN registration agency, at ang registrant.

14.2 Pandaigdigang pamamahala

Ang mga pangunahing gampanin at responsabilidad ng International ISBN Agency ay:

- Magtaguyod, magkipag-ugnay, at mamahala sa pandaigdigang paggamit ng sistema ng ISBN.
- Ipakilala sa iba pang mahahalagang organisasyon ang kahalagahan na maging bahagi ng komunidad na gumagamit ng ISBN
- Magtalaga ng mga angkop na organisasyon bilang mga ISBN registration agency at bumawi ng mga pagtatalagang ito kung kinakailangan
- Tukuyin ang mga registration group at mga saklaw ng kanilang responsabilidad at maisama sila sa angkop na mga ISBN registration agency
- Tumukoy ng mga tiyak na alituntunin ng registration group na nagtatakda ng haba ng mga available registrant element sa loob ng bawat pangkat at pagtitiyak na ang wasto at komprehensibong talaan ng mga alituntuning ito ay isinasapubliko sa lahat ng panahon.
- Magtakda sa mga ISBN registration agency ng mga natatanging registrant element sa loob ng angkop na registration group at magpanatili ng isang kompleto at wastong talaan ng mga naitakda nang registrant element.
- Mag-ingat sa pagpapanatili ng mga ISBN at mga kaugnay na ISBN metadata sa pamamagitan ng mga talaan ng ISBN registration agency
- Lumikha, sumubaybay, at magpatupad ng mga patakaran at pamamaraan na nagtatakda sa pamamahala ng mga ISBN agency at proseso ng ISBN registration ng mga ahensiyang ito, kasama na ang mga kabayaranang kaugnay ng prosesong iyon.
- Padaliin ang ribyu at pagresolba sa mga naulit na pagtatakda ng isang ISBN
- Magribyu at magpasiya sa mga apela na may kinalaman sa mga pagpapasiyang ginawa ng mga registration agency
- Lumikha, magpanatili, at gumawa ng dokumentasyong isinapubliko para sa mga gumagamit ng sistema ng ISBN.
- Magpatupad at magpanatili ng pagpopondo kung kinakailangan upang sumuporta sa pagpapatakbo ng International ISBN Agency, kasama ngunit hindi limitado sa pinansiyal na ambag ng mga ISBN registration agency.

14.3 Mga ISBN registration agency

Ang pamamahala sa sistema ng ISBN sa loob ng isang registration group ay responsabilidad ng ISBN registration agency. Maaaring patakbuin ang ISBN registration agency sa antas pambansa, rehiyonal, pangwika, at iba pang katanggap-tanggap na paghahati ng responsabilidad alinsunod sa naging batayan ng pagtatakda sa pangkat.

Sa loob ng pangkat, maaaring may magkakaibang pambansang ahensiya, (e.g., ang group identifier 978-0 at 978-1 ay may magkahiwalay na ahensiya sa Australia, English-speaking Canada, ang United Kingdom, Estados Unidos at iba pa).

Maaaring humingi ng kabayaran para sa pagtatakda ng mga ISBN at pagseserbisyo ng mga itinalagang ISBN registration agency. Anumang katulad na kabayaran ay dapat nakabatay sa pagbawi ng nagastos na halaga.

Maaaring maisama sa mga serbisyo ang pagtatakda ng identification codes at numbers, ang paggrant na maakses ang mga ganitong codes at numbers at/o iba pang datos o nalikhang impormasyon na may kinalaman sa implementasyon ng ISO 2108. Maaaring mag-alok ng iba pang serbisyo ang mga ISBN registration agency na walang kaugnayan sa pagtatakda ng ISBN, sa pasubaling hindi nila ginawang kondisyon sa mga gagamit na bilhin ang mga ganitong karagdagang serbisyo upang matanggap ang mga ISBN.

Gampanin at responsabilidad ng isang ISBN registration agency na:

- Tiyaking naibigay ang tuloy-tuloy na pagseserbisyo
- Ipabatid sa registrant ng monographic publication o pabliser ang pagtatalaga ng isang ISBN o ng isang registrant element
- Lumikha, mamahala, at magpanatili ng talaan ng ISBN, ISBN metadata at mga datos ng pamamahala, alinsunod sa mga patakarang itinakda ng International ISBN Agency. (Ang mga gawaing may kinalaman ang ISBN metadata ay maaaring italaga sa isang itinakdang bibliographic agency, sa pasubaling nasunod ang mga espisipikasyong ito.)
- Itama ang mga di-wastong ISBN at ISBN metadata kung nakatanggap ng patunay hinggil dito
- Gawing available ang ISBN at kaugnay na metadata sa ibang mga ISBN registration agency at sa iba pang mga gumagamit ng sistema ng ISBN alinsunod sa mga patakarang itinakda ng International ISBN Agency
- Tipunin at panatilihin ang mga estadistikang datos ng mga pamamahalang may kaugnayan sa ISBN at iulat ang mga ito sa International ISBN Agency batay sa mga itinakdang panahon.
- Itaguyod, ituro, at sanayin ang iba sa paggamit ng sistema ng ISBN alinsunod sa mga espisipikasyon ng available na edisyon ng ISBN standard na sinusunod nang panahong iyon.
- Sumunod sa mga patakarang at hakbangin ng ISBN na itinaguyod ng International ISBN Agency alinsunod sa mga espisipikasyon ng available na edisyon ng ISBN standard na sinusunod nang panahong iyon.
- Makipag-usap sa mga pabliser na hindi nagtatakda ng mga ISBN, payuhan sila hinggil sa kahalagahan at pangangailangan ng pagtatakda ng mga ISBN sa lahat ng kalipikadong publikasyon at bigyan sila ng kompletong detalye hinggil sa pagsunod sa pamantayan.

Sa ilang bansa, itinatakda ng group agency ang mga ISBN sa mga tinanggap na publikasyon para sa legal deposit na hindi natakdaan ng ISBN. Ipaalam ng group agency sa pabliser ang hindi naitakdang ISBN at ilalabas ito sa national bibliography.

14.4 Pamamahala ng registrant/pabliser

Tungkulin ng mga registrant ang pagtatakda ng mga publication element sa mga indibidwal na aytem na inililimbag nila at upang matiyak ang pagsunod sa mahahalagang regulasyon. Maaari silang mag-aplay at makatanggap ng registrant element mula sa isang ISBN registration agency kasama na ang printout o digital file ng bawat ISBN na available sa kanila na saklaw ng itinalagang registrant element. Maaaring baguhin ng ilang ISBN registration agency ang kabayaran sa mga serbisyong ito.

Tutukuyin ng ISBN registration agency ang saklaw ng mga publication element na magiging available sa registrant. Ang itinalagang saklaw ay tinukoy batay sa kasalukuyan at inaasahang output ng publikasyon sa hinaharap at direktang may kinalaman sa haba ng itinakdang registrant element. Dapat tiyakin ng registrant na taglay ng ISBN registration agency ang sapat na impormasyon kaugnay ng mga available backlist publication at maipalam sa ahensiya ang lahat ng publikasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap upang makapagtalaga ng sukat ng registrant element. Ang ISBN registration agency ay maaaring paunang magtalaga ng mas maliit na saklaw ng mga numero kaysa sa hiniling kung hindi pa sila tiyak sa dami ng kanilang magiging publikasyon.

Dapat ibigay ng registrant sa ISBN registration agency (o itinalaga nitong local bibliographic agency) ang tukoy na dami ng metadata hinggil sa publikasyon na tatakdaan ng ISBN. Ang espisipikasyon na may kinalaman sa uri at format ng metadata ay itinatakda ng International ISBN Agency sa pakikipagtulungan ng mga ISBN registration agency (tingnan ang seksiyon 8 sa itaas).

Kung ang tagapamagitan ay nagtatalaga alinman sa mga ISBN ng registrant o sarili nitong mga ISBN, ang mga ISBN na ito at mga kaugnay na metadata ay dapat na iulat pabalik sa registrant at sa ISBN Registration Agency at iba pang mga bibliographic agency.

Dapat makatugon ang registrant sa mga pamamaraan ng kanilang ISBN registration agency. Kung hindi makatugon ang registrant/ pabliser sa pamamaraan ng kanilang ISBN registration agency (e.g. hindi nakapagbigay ng sapat na metadata, nagbenta o naglipat ng mga ISBN), maaaring tanggihan na matakdaan ng mga kasunod pang registrant at/o publication element hanggang sa makatugon na ang registrant.

Ang karagdagang impormasyon at detalyadong tuntunin na may kinalaman sa sistema ng ISBN ay available sa mga nakatalagang ISBN agency.

15. ISBN at GS1

Noong 1997, nagkaroon ng kasunduan ang EAN International (EAN), ang Uniform Code Council (UCC), ang International ISBN Agency, at ang International ISMN Agency upang paunlarin ang nagkakaisang ugnayan. May istatus ng pagiging tagamasid sa pangkalahatang assemblea ang bawat isang kinatawan, nagmumungkahi ng mga konsultasyon, at namamahala sa pagbibigay ng numero ng non-printed na mga aklat. Noong

2005, nagsanib ang EAN International at ang Uniform Code Council (UCC) gamit ang pangalang GS1.

Kontak:
GS1 Global Office
Blue Tower
Avenue Louise 326
B-1050 Brussels
Belgium
Tel: (+32 2) 788 7800
Fax: (+32 2) 788 7899
Email: contactus@gs1.org
URL: <http://www.gs1.org>

Kontak para sa mga national GS1 organization: <http://www.gs1.org/contact>

16. ISBN at Iba pang mga Identifier

16.1 DOI

Ang Digital Object Identifier (DOI®) System ay para sa pagtukoy sa mga digital object na nasa digital environment. Itinatalaga ang mga pangalan ng DOI® sa alinmang entidad para gamitin sa mga digital network. Ginagamit ito upang magbigay ng kasalukuyang impormasyon, kasama na ang kinaroroonan (o impormasyon hinggil dito) nito sa Internet. Maaaring magbago ang impormasyon hinggil sa digital object sa paglipas ng panahon, kasama na ang kinaroroonan ngunit hindi na nababago ang pangalan ng DOI.

International DOI Foundation
EDItEUR
United House
North Road
London N7 9DP
UK
Tel: +44 (0)20 7503 6418
Fax: +44 (0)20 7503 6418
Email: contact@doi.org
URL: <http://www.doi.org>

16.2 GTIN

Ang GTIN (Global Trade Item Number) ay isang pangkalahatang termino para sa lahat ng mga identifier sa produkto ng EAN.UCC, kasama na ang representasyon ng EAN-13 ng ISBN.

GS1 Global Office
Blue Tower
Avenue Louise 326
B-1050 Brussels
Belgium
Tel: (+32 2) 788 7800
Fax: (+32 2) 788 7899

Email: contactus@gs1.org

URL: <http://www.gs1.org/barcodes/technical/idkeys/gtin>

16.3 ISAN

Ang International Standard Audiovisual Number (ISAN), ISO15706-1 at 15606-2, ay isang voluntary numbering system at metadata schema na nagpapahintulot na matukoy ang anumang audiovisual work, kasama ang mga pelikula, shorts, mga dokumentaryo, programa sa telebisyon, mga palaro, patalastas at maging kanilang mga kaugnay na bersiyon.

Ang Registration Authority para sa ISAN ay:

ISAN International Agency
1A, rue du Beulet
CH-1203 Geneva
Switzerland
Phone: (+41) 22 545 10 00
Fax: (+41) 22 545 10 40
Email: info@isan.org
URL: <http://www.isan.org>

16.4 ISBN-A

Ang Actionable ISBN (ISBN-A) ay isang syntax at serbisyong ibinibigay ng ilang ISBN registration agencies at pinatatakbo ng DOI® kung saan ang dati nang ISBN ay inilalabas gamit ang DOI System, nagbibigay ng kakayahang maikonekta ang ISBN sa isa o higit pang URL.

International ISBN Agency
48/49 Russell Square
London
WC1B 4JP
Tel: +44 (0)20 7580 8536
Email: info@isbn-international.org
URL: <http://www.doi.org/factsheets/ISBN-A.html>

16.5 ISLI

Ang International Standard Link Identifier (ISLI), ISO 17316, ang nagbibigay ng identifier na links sa mga entidad (o kanilang mga pangalan) sa larang ng information at documentation. Ang mga entidad na ito ay maaaring mga dokumento, media resources, mga tao, o mas abstraktong aytem gaya ng mga panahon at lugar.

Maaaring may ilang aplikasyon sa pagitan ng ISLI at ISBN na gagawin sa hinaharap. Ang karagdagang impormasyon ay magiging available sa itatakdang panahon.

Ang sistema ng ISLI ay pinamamahalaan ng International Information Content Industry Association (ICIA):

International ISLI Agency
International Information Content Industry Association
2/F, Hongkong Offshore Centre
No. 28 Austin Avenue
Tsim Sha Tsui

Kowloon
Hong Kong
Tel: (+852) 92091120
Email: service@isli-international.org
URL: <http://www.isli-international.org>

16.6 ISMN

Ang International Standard Music Number (ISMN) ang tumutukoy sa lahat ng nailimbag na music sheet, mga publikasyon, ipinagbibili man, o nirerentahan, o gratis.

Hindi ginagamit ang ISMN para sa mga aklat hinggil sa musika, na mayroon nang ISBN, o ginagamit para sa music tapes, CDs, o videos.

Pinamamahalaan ang ISMN ng International ISMN Agency:

International ISMN Agency
Schlossstr. 50
12165 Berlin, Germany
Tel.: (+49 30) 7974 5002
Fax: (+49 30) 7974 5254
Email: ismn@ismn-international.org
URL: <http://ismn-international.org>

16.7 ISNI

Ang International Standard Name Identifier (ISNI) ay isang ISO Standard (ISO 27729) na ang saklaw ay ang pagtukoy sa mga Public Identities ng mga partido; kung kaya, ang mga isinapublikong identidad na ginamit ng mga partidong may kinalaman sa mga media content industry gaya sa paglikha, paggawa, pamamahala, at pagpapalabas nito. Iniisa-isa ng sistema ng ISNI ang pagtukoy sa Public Identities sa magkakaibang larang ng creative activity. Binibigyang-linaw ng ISNI ang Public Identities na maaaring may kalabuan. Hindi layunin ng ISNI na magbigay ng akses sa komprehensibong impormasyon hinggil sa Public Identity ngunit nakapagbibigay ng ugnayan sa iba pang mga sistema na kinaroroonan ng gayong impormasyon.

Available ang karagdagang impormasyon sa:

EDItEUR
United House
North Road
London N7 9DP
UK
Tel: +44 (0)20 7503 6418
Fax: +44 (0)20 7503 6418
Email: info@editeur.org
URL: <http://www.isni.org>

16.8 ISRC

Ang International Standard Recording Code (ISRC) ay isang standard international identifier para sa sound recordings at music videos (ISO 3901). Binibigyan ng numero ang bawat recording ng isang piyesa (hindi ang pisikal na aytem), nang hindi isinasaalang-alang ang konteksto o lagayan sa sandaling ito ay mailabas. Ang naka-

encode na ISRC ang tumutulong na awtomatikong matukoy ang mga recording para sa kabayaran ng royalty.

Pinamamahalaan ng IFPI ang sistema ng ISRC, ang International Federation of the Photographic Industry:

International ISRC Agency
IFPI Secretariat
10 Piccadilly
London
W1J 0DD
United Kingdom
Tel: +44 (0)20 7878 7900
Fax: +44 (0)20 7878 7950
Email: isrc@ifpi.org
URL: <http://www.ifpi.org/isrc>

16.9 ISSN

Ang International Standard Serial Number (ISSN), ISO 3297, ay ang standard international identifier para sa continuing resources (i.e. mga nailabas na publikasyon noon na walang natukoy na pagwawakas). Karaniwang iniisyu ang mga ganitong publikasyon nang may mga kasunod o kasama na may bilang at/o pagkakasunod-sunod na pagtatakda. Kasama sa mga karaniwang halimbawang serye nito ay gaya ng mga pahayagan, peryodiko, journal, magasin, atbp. at ongoing integrating resources gaya ng mga loose-leaf publication na isinasapanahon.

Pinamamahalaan ng ISSN International Centre ang ISSN:

ISSN International Centre
5 rue de Turbigo
75003 PARIS
FRANCE
Tel: (+33) 1 44 88 22 20
Fax: (+33) 1 40 26 32 43
Email: secretariat@issn.org
URL: <http://www.issn.org>

Ang ilang publikasyon gaya ng mga yearbook, annuals, monographic series, atbp. ay kailangang takdaan ng ISSN para sa serial title (na hindi babaguhin sa lahat ng bahagi o bawat tomo ng serye) at isang ISBN para sa bawat tomo. Kung naitakda na ang ISBN at ISSN sa isang publikasyon, kailangang malinaw itong tukuyin.

16.10 ISTC

Ang International Standard Text Code (ISTC), ISO 21047, ay isang sistema ng pagnunumero para sa mga natatanging pantukoy ng mga text-based work; ang terminong “work” ay iniuugnay sa anumang nilalaman na makikita sa kumbensiyonal na nailimbag na aklat, mga audio book, static e-books o enhanced digital books, gayundin sa nilalaman na makikita sa mga pahayagan o journal.

Hindi itinatakda ang ISTC sa mga pisikal na produkto o iba pang kinalabasan ng isang gawa. Ang mga ganitong pisikal na produkto (i.e. nailimbag na aklat, isang talking book, o mga digital na bersiyon ng gayong produkto) ay dapat takdaan ng ISBN.

Available ang karagdagang impormasyon sa:

International ISTC Agency
EDItEUR
United House
North Road
London N7 9DP
UK
Tel: +44 (0)20 7503 6418
Fax: +44 (0)20 7503 6418
Email: info@editeur.org
URL: www.istc-international.org

16.11 ISWC

Ang International Standard Musical Work Code (ISWC) ang tumutukoy sa musical works bilang isang intangible creations. Hindi ito ginagamit upang tukuyin ang iba pang mga kinalabasan nito, o mga bagay na may kaugnayan sa musical works. Ang mga gayong kinalabasan at mga bagay ay pokus na ng iba pang mga identification system gaya ng ISRC at ISMN (tingnan ang mga deskripsiyon sa seksiyong ito).

Halimbawa: Ang *Die Zauberflöte* ni Mozart (The Magic Flute) ay nararapat sa pagkakaroon ng ISWC upang tukuyin ang gawa. Ang maraming printed score ay kalipikadong magkaroon ng tig-iisang ISMN, ang libretti at ang kanilang mga salin para naman sa mga ISTC (at mga ISBN para sa mga publikasyon nito); ang video ng isang performance ay tatakdaan ng ISAN, at ISRC naman para sa sound recording ng opera.

Available ang karagdagang impormasyon sa registration authority:

CISAC
20-26 Boulevard du Parc
92200 Neuilly sur Seine
France
Tel.: (+ 33 1) 55 62 08 50
Fax: (+ 33 1) 55 62 08 60
Email: cisac@cisac.org
URL: <http://www.cisac.org>

16.12 SGTIN

Ang Serialized Global Trade Item Number (SGTIN) ang nagpapalawak sa GTIN/ISBN (tingnan ang 16.2 sa itaas) upang makapaglagay ng isang serial number na direktang tutukoy sa isang trade item, gaya ng isang tiyak na kopya ng aklat. Ginagamit ito upang lumikha ng isang Electronic Product Code (EPC) na maaaring i-encode sa Radio-Frequency ID (RFID) tags upang ma-track ang lahat ng uri ng gawa, kasama na ang mga aklat sa supply chain.

GS1 Global Office
Blue Tower
Avenue Louise 326
B-1050 Brussels
Belgium
Tel: (+32 2) 788 7800

Fax: (+32 2) 788 7899
Email: contactus@gs1.org

URL: http://www.gs1.org/sites/default/files/docs/epc/TDS_1_8_Standard_20140203.pdf

16.13 URN

Ang Uniform Resource Names (URNs) ay ang tuloy-tuloy na resource identifiers.

Ang kanilang syntax na itinakda sa Internet standard RFC 2141 ay:

<URN>:= "URN:" <NID> ":" <NSS>

Kung saan ang <NID> ay ang Namespace Identifier at ang SS ay ang Namespace Specific String.

Ang nauunang "urn:" at Namespace Identifier ay mga case-insensitive.

Ang NID "isbn" ay para sa sistema ng ISBN: <https://www.iana.org/assignments/urn-namespaces/urn-namespaces.xhtml#urn-namespaces-1>.

Batay sa template, anumang URN na mula sa ISBN ay may sumusunod na syntax:

URN:ISBN:<NSS>

Kung saan ang Namespace Specific String ay nagtataglay ng ISBN, mayroon mang gitling o wala:

URN:ISBN:978-92-95055-12-4

17. ONIX for Books

Ang ONIX para sa Books Product Information Message ay ang pandaigdigang pamantayan para sa pagpapakilala at pagpapasok sa digital form ng mga impormasyon mula sa book industry product.

Ang ONIX for Books ay ginagawa ng EDItEUR kasama ang Book Industry Study Group (USA), at Book Industry Communication (UK), at malawakan nang ginagamit ngayon sa daigdig. Ang patuluyang pagpapaunlad ng ONIX ay pinamamahalaan na ngayon ng isang network ng mga National Groups at ng International Steering Committee sa pakikipag-ugnay ng EDItEUR. Sa panahong isinulat ito, ang pinakabagong bersiyon ay ang Release 3.0.

Para sa mga pablisar, batay na rin sa kanilang karanasan, naghahatid ng dalawang mahalagang benepisyo sa negosyo ang paggamit ng ONIX for Books. Bilang communication format, pinahihintulutan nitong makapagbigay ng maraming impormasyon sa supply chain alinsunod sa pamantayan, sa mga wholesaler at distributor, sa malalaking retailer, sa mga data aggregator, at mga kaugnay na kompanya, ng maraming impormasyon hinggil sa aklat alinsunod sa pamantayan. At sa pamamagitan ng pagbibigay ng template para sa nilalaman at estruktura ng isang produkto, tumulong din ang ONIX na mapasimulan ang pagpapabuti ng mga internal

information system, na may kakayahang malikom ang lahat ng “metadata” na kailangan para sa deskripsiyon at promosyon ng bago at backlist titles. Ang parehong mga datos ay maaari ding gamitin upang makagawa ng advance information sheets, mga katalogo at iba pang materyales pampromosyon.

Para sa mga katuwang sa “downstream” supply chain, nakatutulong ang ONIX for Books para sa episyente at mabilis na pagpasok ng isinapanahong impormasyon ng produkto tungo sa mga customer-facing system, nang hindi na nangangailangan pa ng maraming interbensiyon ng tao at mababa ang posibilidad na magkaroon ng pagkakamali.

Ang ONIX for Books ay kinilala na sa MARC21 ng Library of Congress at sa UNIMARC ng The British Library. Ginagamit na ito ng ilang pambansang aklatan sa pagtanggap ng mga impormasyon ng produkto mula sa mga pabliser para sa paggamit sa Cataloguing-in-Publication (CIP) o pagpapabuti ng Online Public Access Catalogues (OPACs).

Ang espisipikasyon para sa isang subset ng ONIX for Books ay available para sa tiyak na layuning maihatid ang kinakailangang metadata para sa ISBN registration. Maaari itong gamitin ng mga pabliser upang pabatiran ang mga ISBN registration agency kaugnay ng mga itinakda nilang ISBN sa kanilang mga produkto.

Available ang karagdagang impormasyon hinggil sa ONIX sa:

EDItEUR
United House
North Road
London N7 9DP
UK
Tel/fax: +44 (0)20 7503 6418
Email: info@editeur.org
URL: <http://www.editeur.org/8/ONIX/>

18. International ISBN Agency Website

Ang website ng International ISBN Agency ay nasa URL: <http://www.isbn-international.org>. Bilang karagdagang impormasyon hinggil sa ISBN at pamamahala nito, naglalaman ito ng mga kontak at saklaw ng lahat ng pambansa at panrehiyong ISBN registration agencies, mga kagamitan at resources kasama na ang links sa Global Register of Publisher (tingnan sa ibaba) at ang ISBN Users’ Manual sa iba’t ibang wika.

19. Global Register of Publishers

Pinahihintulan sa itinalagang website na www.grp.isbn-international.org ang sinuman na makapagsagawa ng mga simpleng paghahanap at makakita ng mga pangunahing pangalan ng pabliser at prefix information na available sa mga nag-register na user. Sinuman ay maaaring mag-register nang libre sa site. Ang mga datos sa Global Register of Publishers ay direktang ibinibigay ng mga pambansang ahensiya para sa ISBN registration at titipunin at irerebisa ito nang hindi bababa sa isang beses kada taon.

Hindi maaaring magbago o lumikha ang users ng anumang datos sa Global Register dahil ito ay isang read only site, ngunit kung kayo ay isang pabliser at may napansing anumang kamalian kaugnay sa inyong sariling impormasyon, mangyaring kontakin ang nakatalagang ISBN registration agency upang malaman kung updated ang impormasyon na mayroon sila.

Ang Global Register ay isang free resource at mayroong:

- Mga adres at iba pang detalye ng kontak para sa mga pabliser mula sa higit 200 bansa at mga teritoryo
- Mga datos ng higit sa isang milyong ISBN prefix
- Libong bilang ng maliliit at awtor-pabliser

APENDISE 1 Check Digit Calculation

A1.1 Pagkalkula sa Check Digit

N.B. Ang sumusunod na impormasyon ay para lamang sa mga system developer. Ang mga pabliser at ISBN registration agencies ay hindi dapat kinakalkula ang ISBN check digits nang mano-mano.

Ang bawat isa sa unang labindalawang (12) digits ng ISBN ay salitang minu-multiply sa 1 at 3. Ang check digit ay may katumbas na 10 minus ang remainder na resulta ng pag-divide sa sum ng weighted products ng unang 12 digits sa 10 at may isang eksemsiyon. Kung ang resulta ng kalkulasyon ay malinaw na check digit ng 10, ang check digit ay 0.

Sundan ang sumusunod na hakbang sa pagkalkula ng check digit para sa ISBN 978-92-95055-12-?

Hakbang 1: Tukuyin ang sum ng weighted products para sa unang 12 digits ng ISBN (tingnan ang sumusunod na talahanayan).

	GS1 element			Registration group element		Registrant element					Publication element		Check digit	Sum
ISBN	9	7	8	9	2	9	5	0	5	5	1	2	?	
Weight	1	3	1	3	1	3	1	3	1	3	1	3	—	
Product	9	21	8	27	2	27	5	0	5	15	1	6	—	126

Hakbang 2: I-divide sa 10 ang sum ng weighted products ng unang 12 digits ng ISBN na lumabas sa hakbang 1, para matukoy ang remainder.

$$126/10-12 \quad \text{remainder}=6$$

Hakbang 3: I-subtract sa 10 ang lumabas na remainder sa hakbang 2. Ang resulta ang magiging value ng check digit at may isang eksemsiyon. Kung ang remainder ng kinalabasan sa hakbang 2 ay 0, ang check digit ay 0.

$$10-6=4$$

$$\text{Check digit} = 4$$

$$\text{ISBN} = 978-92-95055-12-4$$

Ang sumusunod na mathematical formula ay isang alternatibong paraan sa pagpapakita ng kalkulasyon ng check digit:

Check digit = mod 10 (10 – [mod 10 {sum ng weighted products ng unang 12 ISBN digits}])

Check digit = 10 (10 – [mod 10 {126}])

Check digit = 4

Ang sum ng weighted products ng unang 12 digits ng check digit ay dapat na divisible sa 10 at walang remainder para maging valid ang ISBN.

Paalala: Ang haba ng registration group, registrant, at mga publication element ay nagbabago at hindi laging magkakatulad gaya nang naging halimbawa sa talahanayan sa itaas. Hindi lahat ng registration group at mga kombinasyon ng mga registrant ay valid.

Kontakin ang inyong pambansang ahensiya para sa ISBN registration na makatutulong sa inyo sa pagkalkula ng inyong mga ISBN, magbigay man ng pre-calculated na listahan ng mga ISBN o magbigay ng software na magagamit ninyo pagkalkula ng inyong mga ISBN.

Paalala: Ang metodo sa pagkalkula para sa mga 10 digit na ISBN ay available sa website ng International ISBN Ageny: <http://www.isbn-international.org/>.